

Kaligtasan sa Pagluluto

Ang mga apoy sa pagluluto ay isa sa mga nangungunang sanhi ng mga sunog sa bahay sa Winnipeg.

Gamitin ang mga tip sa kaligtasan sa pagluluto na ito para maiwasan ang sunog sa kusina sa iyong tahanan.

- Manatili sa kusina kapag nagluluto o gumagamit ng oven. Kung kailangan mong umalis, patayin ang mga burner.
- Manatili sa iyong tahanan kapag nagpapakulo, nagbe-bake o nag-ihaw ng pagkain. Madalas na tingnan-tingnan ang pagkain, at gumamit ng timer.
- Maging alerto at pagtuunan ng pansin ang pagluluto. Huwag na huwag magluluto kapag ikaw ay hindi alerto, pagod, o nagkonsumo ng anumang substansya o gamot.
- Ilayo sa kalan ang anumang bagay na masusunog o masusunugan. Kasama rito ang mga oven mitt, pot holder, tuwalya, tela, sandok, pakete ng pagkain, kurtina, atbp.
- Iwasang masunugan ang damit sa pamamagitan ng pagsusuot ng maikli, kasyang-kasya, o nakarolyong manggas kapag ikaw ay nagluluto.
- Alisin sa saksakan ang maliliit na kasangkapan kapag hindi mo ginagamit ang mga ito. Laging hayaang lumamig ang mga kasangkapan bago linisin at itabi ang mga ito.
- Maging handa sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga oven mitt at takip ng kaldero/kawali sa tabi ng kalan habang nagluluto.

Mga pagkilos na isasaalang-alang sakaling may sunog

Mga sunog sa sebo o kaldero/kawali

- Huwag na huwag maglalagay ng tubig sa apoy sa sebo.
- Magsuot ng mga oven mitt para maprotektahan ang iyong mga kamay at takpan ang kaldero/kawali para mapatay ang sunog.
- I-off ang burner at huwag ilipat o alisin ang takip hanggang sa lumamig na ang kaldero.
- Huwag na huwag susubukang damputin o buhatin ang nag-aapoy na kaldero. Dito maaaring mapaso ang iyong balat at kumalat ang sunog.

Mga sunog sa oven

- I-off ang heat at panatiliing nakasara ang pinto ng oven.
- Huwag bubuksan ang oven door hanggang sa lumamig na ang loob nito at wala na talagang apoy.

Mga sunog sa microwave oven

- I-off agad ang microwave para mapatigil ang fan sa pagpapakain ng oxygen sa apoy.
- Huwag bubuksan ang pinto ng microwave oven hanggang sa lumamig na ito at wala na talagang apoy.

Huwag na huwag magluluto o magba-BBQ sa loob ng garahe kung bukas ang pinto.
Kung mayroon kang malaking sunog sa iyong kusina, lumabas, lumayo, at tumawag sa **9-1-1**.



Mga smoke alarm

Magkabit ng gumaganang smoke alarm sa bawat baitang ng iyong bahay at sa labas ng lahat ng lugar ng tulugan.

I-test ang iyong mga smoke alarm kada buwan at palitan ang mga baterya kada taon. Palitan ang mga 10 taon nang smoke alarm.

winnipeg.ca/smokealarms




Mga carbon monoxide

alarm Magkabit ng gumaganang carbon monoxide alarm sa labas ng lahat ng lugar na tulugan.

I-test ang iyong mga carbon monoxide alarm kada buwan at palitan ang mga ito ayon sa mga instruksyon ng tagamanupaktura.

winnipeg.ca/carbonmonoxide



Plano ng pagtakas sa bahay

Gumawa ng plano ng pagtakas sa bahay na may dalawang daan palabas. Pumili ng lugar na pagtitipunan sa labas ng iyong tahanan at siguraduhin na alam ng bawat isa sa iyong pamilya ang plano.

Praktisin ang planong ito ng dalawang beses sa bawat taon.

winnipeg.ca/homeescapeplan